Mga Madalas Itanong tungkol sa Komisyon sa Muling Pagdistrito ng Mga Mamamayan sa 2020

1. Bakit dapat akong makialam sa muling pagdistrito?
Isa sa pinakamalaking kapangyarihan na mayroon ang mga mamamayan ng California ay ang ihalal ang kanilang sariling mga kinatawan upang maisagawa ang tungkulin ng kanilang pamahalaan. Maipapakita ng pagkakabuo ng mga hangganan ng distrito ang pagkakaiba ng pagpapalakas at pagpapalaki sa mga boses ng mga botante at ng pagpapaliit at pagpigil sa mga boses na iyon. Nakatuon ang independent na Komisyon sa Muling Pagdistrito ng Mga Mamamayan (Citizens Redistricting Commission) ng California ("Komisyon") sa pagtakda ng mga patas na distrito na sinasalamin ang pinakamabubuting interes ng mga mamamayan, hindi ng mga kasalukuyang nanunungkulang politiko.

Mahalaga ang pagsasalita tungkol sa iyong komunidad sa pagtiyak na ang mga hangganan ng distrito ay ginuhit sa paraang napapanatiling buo ang komunidad sa abot ng makakaya, at nakagrupo sa mga kalapit na komunidad na may mga parehong interes. Tinitiyak nito na ang iyong boses ay maririnig ng mga hinalal ninyong lider kapag gumagawa sila ng mga desisyon tulad ng kalidad at pagpopondo ng edukasyon ng iyong anak o pagtukoy sa mga rate ng iyong buwis.

Mahalaga ang iyong komento sa paghubog ng mga bagong politikal na hangganan.

2. Paano ako makikibahagi?
May ilang paraan para magbigay ng komento sa Komisyon.

Tuwing Pampublikong Pagpupulong:
Magsasagawa ang Komisyon ng mga pagdinig kung saan maaari kang magbigay ng komento sa pamamagitan ng telepono sa oras ng pagpupulong o sa elektronikong paraan bago ang pagpupulong. Maaari mong malaman ang higit pa tungkol sa mga susunod na pagpupulong para sa komento ng publiko sa pamamagitan ng pagbisita sa seksiyon ng *Mga Pagpupulong* (Meetings)ng aming website.

Sa Elektronikong Paraan:
Maaari ka ring magbigay ng komento sa Komisyon sa website sa pamamagitan ng pag-email sa: VotersFirstAct@crc.ca.gov o sa pamamagitan ng pagguhit sa iyong mapa gamit ang “Iguhit ang Aking Komunidad” (Draw My Community) tool at pagsumite nito sa Komisyon sa pamamagitan ng pagbisita sa: DrawMyCACommunity.org.

Sa Telepono:
(916) 323-0323

Sa Sulat:
Maaari mong ipadala sa mail ang iyong komento sa:
California Citizens Redistricting Commission
721 Capitol Mall, Suite 260
Sacramento, CA 95814

Sa pamamagitan ng isang Organisasyong Nakabatay sa Komunidad (CBO):
Maraming CBO ang nakikipagtulungan sa mga komunidad at nagbibigay ng komento sa Komisyon sa pamamagitan ng kolaborasyon.

3. Paano ko ilalarawan ang aking komunidad?
Kailangang malaman ng Komisyon ang apat na pangunahing bagay mula sa iyo tungkol sa iyong komunidad.

- Mga ekonomiko, panlipunan, at/o kultural na interest na nagbubuklod sa iyong komunidad.
- Dahilan kung bakit dapat panatilihing magkakasama ang iyong komunidad para sa patas at epektibong representasyon.
- Lokasyon ng iyong komunidad.
- Anong mga kalapit na lugar ang gusto o hindi gusto ng iyong komunidad na makasama sa grupo?

Gamitin ang "Iguhit ang Aking Komunidad" (Draw My Community) tool para gumuhit ng mapa at ilarawan ang iyong komunidad sa pamamagitan ng pagbisita sa: DrawMyCACommunity.org.

4. Ano ang isang komunidad ng interes?
Tinutukoy ng Konstitusyon ng California ang isang komunidad ng interes bilang populasyong may mga parehong panlipunan at ekonomikong interes na dapat ipagsama sa loob ng iisang distrito para sa mga layunin ng epektibo at patas na representasyon nito. Ang mga halimbawa ng ganoong magkakaparehong interes ay ang mga pangkaraniwang bagay sa isang urban na lugar, rural na lugar, industriyal na lugar, o agrikultural na lugar, at ang mga pangkaraniwan sa mga lugar kung saan ang mga mamamayan ay may magkakatulad na pamantayan sa pamumuhay, gumagamit ng mga parehong pasilidad sa transportasyon, may magkakatulad na oportunidad sa trabaho, o may access sa parehong paraan ng komunikasyon na may kinalaman sa proseso ng eleksiyon. Ang mga kultural na komunidad ay maaari ding tukuyin bilang mga komunidad ng interes. Hindi kasama sa mga komunidad ng interes ang mga ugnayan sa mga politikal na partido, kasalukuyang nanunungkulan, o politikal na kandidato.

5. Bakit tayo mayroong Komisyon?
Bawat 10 taon, pagkatapos maglathala ng pederal na pamahalaan ng naka-update na impormasyon tungkol sa senso, dapat muling itakda ng California ang mga hangganan ng mga distrito ng Kongreso (Congressional), Senado ng Estado (State Senate), Asamblea ng Estado (State Assembly), at Lupon ng Pagpapantay-pantay ng Estado (State Board of Equalization) nito, nang sa gayon ay wastong maisalamin ng mga distrito ang populasyon ng estado.

6. Ano ang Komisyon?
Ang Komisyon ay isang grupo ng mga mamamayan ng California na pinipili bawat sampung taon sa pamamagitan ng pampublikong proseso ng aplikasyon at pagsusuri na may tungkuling itakda ang mga hangganan ng distrito para sa Kongreso, Senado ng Estado, Asamblea ng Estado, at Lupon ng Pagpapantay-pantay ng Estado. Bago ang

2010, itinakda ng mga mambabatas ng California ang kanilang mga sariling hangganan ng distrito.

Bago ang 2010, ang mga mambabatas sa California ang nagtatakda ng mga hangganan. Noong 2008, inawtorisahan ng mga botante ng California ang paggawa ng independent na Komisyon noong ipinasa nila ang Voters FIRST Act. Inawtorisahan nito ang Komisyon na itakda ang mga bagong hangganan ng distrito para sa Senado ng Estado, Asamblea ng Estado, at Lupon ng Pagpapantay-pantay ng Estado. Noong 2010, idinagdag ng Voters FIRST Act para sa Kongreso sa mandato ng Komisyon ang responsibilidad ng pagtakda ng mga distrito ng Kongreso.

Nilalayon ng pag-alis ng kapangyarihan ng muling pagdistrito sa mga hinalal na opisyal na matiyak ang patas at malinaw na proseso na tinatanggal ang politikal na impluwensiya sa proseso. Ang pagmamanipula ng mga hangganan (Gerrymandering)ay isang kagawiang naglalayong bumuo ng hindi patas na kalamangan sa politika para sa isang partikular na partido o grupo sa pamamagitan ng pagmamanipula ng mga hangganan ng distrito. Ang mga pangunahing taktikang ginagamit sa gerrymandering ay "cracking" (ibig sabihin, ang pagpapahina ng kapangyarihang bumoto ng mga tagasuporta ng kalabang partido sa maraming distrito) at "packing" (pinagsasama ang kapangyarihang bumoto ng kalabang partido sa iisang distrito upang mabawasan ang kanilang kapangyarihang bumoto sa ibang distrito).

7. Sino ang maaaring maglingkod sa Komisyon?
Binubuo ang Komisyon ng 14 na miyembro – limang miyembro na mga Democrat, limang miyembro na mga Republican, at apat na miyembro na wala sa alinman sa mga partidong iyon.

Ang mga rehistradong botante ay kwalipikadong maglingkod sa Komisyon kung tuloy-tuloy silang nakarehistro sa California sa parehong politikal na partido, o kung walang politikal na partido, sa loob ng limang taon bago mismo ang pagkakatalaga sa Komisyon; at nakaboto sila sa kahit dalawa sa huling tatlong pangkalahatang eleksiyon sa estado.

Sa loob ng 10 taon bago ang petsa ng aplikasyon, hindi maaaring maglingkod ang isang botante sa Komisyon kung ang botante o pinakamalapit na kapamilya ay naitalaga, nahalal, o naging kandidato para sa isang posisyon sa kongreso o estado ng California; nagsilbi bilang opisyal, empleyado, o may bayad na tagapayo ng politikal na partido sa California o ng komite sa kampanya ng isang kandidato para sa posisyon sa kongreso o hinahalal na posisyon sa estado ng California; o naging rehistradong lobbyist.

8. Paano pinili ang mga Komisyonado?
Ipinasa ang mga pauna at karagdagang aplikasyon sa Panel ng Pagsusuri sa Aplikante (panel) na binubuo ng tatlong independent na auditor mula sa Auditor ng Estado ng California. Pagkatapos suriin ng panel ang lahat ng aplikasyon, pumili ang panel ng 120 sa "pinakakwalipikadong aplikante," na hinati sa tatlong magkakapantay na mas maliit na grupo (sub-pool) ayon sa kinaaanibang partido, at pagkatapos ay personal na kinapanayam. Pinaliit ang grupo sa 60 aplikante sa tatlong magkakapantay na sub-pool.

Ipinakita ng panel ang 60 aplikanteng iyon sa Lehislatura ng Estado ng California, kung saan nagkaroon ang pamunuan ng opsiyong alisin ang hanggang sa 24 na pangalan mula sa listahan—walo mula sa bawat sub-pool. Ang mga pangalan ng mga aplikante na hindi inalis mula sa sub-pool ay isinumite sa Auditor ng Estado ng California.

Random na kumuha ang Auditor ng Estado ng California mula sa mga pangalan na natitira sa tatlong sub-pool: tatlong Democrat, tatlong Republican, at dalawa mula sa mga wala sa alinmang partidong iyon. Ang walong aplikanteng ito ang naging unang walong miyembro ng Komisyon.

Pagkatapos, pumili ang unang walong miyembro ng Komisyon ng pinal na anim na miyembro ng Komisyon sa pamamagitan ng pagpili ng dalawang komisyonado mula sa bawat isa sa tatlong sub-pool.

9. Gaano karaming oras ang ginugugol ng mga komisyonado sa pagsasagawa ng kanilang mga tungkulin?

Bagaman walang pinakamababa o pinakamataas na haba ng oras na dapat gugulin ng mga miyembro sa pagsasagawa ng trabahong may kinalaman sa Komisyon, sa pangkaraniwan, gumugugol ng 10 hanggang 40 oras kada linggo sa ganoong trabaho. Mas kaunting oras ang nilalaan sa una at mas maraming oras ang nilalaan habang papalapit na ang huling araw para isapinal ang mga mapa.

Namamalakad ang Komisyon bilang sarili nitong entidad at kumukuha ito ng mga kawani upang tumulong sa mga tungkulin nito. Bukod rito, itinatakda rin ng Komisyon ang sarili nitong iskedyul—pinagpapasiyahan nito kung saan magpupulong para magsagawa ng trabaho; gaano kadalas ito magpupulong; kailan at saan ito magsasagawa ng mga pampublikong pagpupulong para hingin ang komento ng publiko; gaano karaming kawani ang dapat kunin at kung para saang layunin; at iba pang mga desisyon, ayon sa kinakailangan.

10. Ilang pagpupulong para sa komento ng publiko ang isasagawa?

Napapailalim ang Komisyon sa Batas Bagley-Keene sa Bukas na Pagpupulong (Bagley-Keene Open Meeting Act), na inaatas na ang anumang pagpupulong na binubuo ng siyam o higit pang miyembro ng Komisyon upang magdesisyon sa mga isyu o maging para tumanggap ng impormasyon ay dapat isagawa sa publiko. Sang-ayon doon, ang bilang ng mga pampublikong pagdinig na isasagawa ng Komisyon ay ganap na desisyon ng Komisyon. Gayundin, desisyon ng Komisyon kung dadaluhan ang mga pagdinig ng lahat ng miyembro ng Komisyon, o ng maliit na grupo lamang ng mga miyembro.

11. Ano ang mga batas na nangangasiwa sa Komisyon?

1. Konstitusyon ng California, Artikulo XXI
2. Kodigo ng Pamahalaan (Seksiyon 8251 - 8253.6) at Kodigo ng Eleksiyon
3. Kodigo ng Mga Regulasyon ng California

4. Konstitusyon ng U.S.
5. Kodigo ng US

6. Batas sa Mga Karapatan sa Pagboto (Voting Rights Act)

12. Ano ang Batas sa Mga Karapatan sa Pagboto at bakit ito mahalaga?
Bago naipasa ang pederal na Batas sa Mga Karapatan sa Pagboto noong 1965, ang kagawian ng maraming estado ay iatas sa mga kwalipikadong African American na makapasa sa mga pagsusulit sa kakayahang bumasa't sumulat upang makapagparehistro para bumoto. Ang ibang estado ay pinapayagan lamang ang isang taong magparehistro para bumoto kung pinapahintulutan ang kaniyang lolo na makaboto. Ipinagbabawal ng Batas sa Mga Karapatan sa Pagboto ang mga kagawiang ito.

Noong dekada ng 1970, pinakinggan ng Kongreso ang malawakang komento tungkol sa kung paano itinatakda ng mga pang-estado at lokal na pamahalaan ang mga hangganan ng distrito at kung paano nila minamanipula ang mga panuntunan ng eleksiyon upang mapigilan ang mga bagong rehistradong botanteng African American na maihalal ang kanilang mga pinipiling kandidato. Sa kasalukuyan, pinoprotektahan ng Batas sa Mga Karapatan sa Pagboto ang lahat ng minoridad batay sa lahi at wika, kasama ang mga African American, Asian American, Latino, Katutubo ng Amerika, at Taga-Isla Pasipiko.

Isasaalang-alang ng Komisyon ang komento ng publiko at legal na payo at payo ng eksperto upang matiyak na natutugunan ng mga pinal na mapa ang mga inaatas ng Batas sa Mga Karapatan sa Pagboto.

Para sa mas detalyadong paglalarawan ng kung paano gumagana ang Batas sa Mga Karapatan sa Pagboto, bisitahin ang Departamento ng Katarungan ng U.S. sa: http://www.justice.gov/crt/about/vot/redistricting.php.

13. Anong mga pamantayan ang ginagamit kapag gumuguhit ng mga mapa?
Alinsunod sa konstitusyon ng estado ng California, dapat sumunod ang Komisyon sa mga pamantayang ito, ayon sa pagkakasunod-sunod na ito, kapag ginuguhit ang mga mapa ng distrito:

1. Dapat pantay-pantay ang populasyon ng mga distrito bilang pagsunod sa Konstitusyon ng U.S.
2. Dapat sumunod ang mga distrito sa Batas sa Mga Karapatan sa Pagboto upang matiyak na may pantay na oportunidad ang mga minoridad na maghalal ng mga pinipili nilang kinatawan.
3. Dapat magkakatabi ang mga lugar ng distrito, nang sa gayon ay konektado ang lahat ng bahagi ng distrito sa isa't isa.
4. Dapat iwasan ng mga distrito ang paghahati sa mga lungsod, county, kapitbahayan, at komunidad ng interes hangga't maaari.
5. Dapat siksik ang mga lugar sa distrito, sa paraang ang mga magkakalapit na lugar na may mga tao ay hindi dapat laktawan para sa mas malayong populasyon. Tinutukoy ng kinakailangang ito ang densidad (o dami ng tao sa partikular na sukat ng lugar), hindi ang hugis. Hindi maaaring paghiwalayin ang mga pangkat ng senso (census block).

6. Kung maaari, ang bawat Distrito ng Senado ay dapat binubuo ng dalawang kumpleto at magkatabing Distrito ng Asamblea, at ang mga distrito ng Lupon ng Pagpapantay-pantay ay dapat binubuo ng 10 kumpleto at magkakatabing Distrito ng Senado ng Estado.

Dagdag pa rito, ang tinitirhang lugar ng sinumang kasalukuyang nanunungkulan o politikal na kandidato ay hindi maaaring isaalang-alang sa paggawa ng mapa, at hindi dapat itakda ang mga distrito para sa layunin ng pagpapabor o pagdidiskrimina sa isang kasalukuyang nanunungkulan, politikal na kandidato, o politikal na partido.

14. Paano aaprubahan ang mga bagong hangganan ng distrito?
Kinakailangang tukuyin ng Komisyon ang mga heograpikal na hangganan para sa mga distrito ng Kongreso, distrito ng Senado ng Estado, distrito ng Asamblea ng Estado, at distrito ng Lupon ng Pagpapantay-pantay ng Estado upang mayroong makatuwirang magkakapantay na populasyon ang mga ito. Nakibahagi ang 2010 Komisyon sa mga pagpupulong sa buong Estado para tukuyin ang mga komunidad ng interes. Marami sa mga pagpupulong ay ginanap tuwing gabi at katapusan ng linggo para mas maraming taga-California ang makadalo.

Kapag sumang-ayon ang Komisyon sa mga heograpikal na hangganan ng mga distrito, ipapakita ang mga distrito sa apat na mapa: isang mapang ipinapakita ang mga binagong distrito ng Kongreso, ikalawang mapang ipinapakita ang mga binagong distrito ng Senado ng Estado, ikatlong mapang ipinapakita ang mga binagong distrito ng Asamblea ng Estado, at ikaapat na mapang ipinapakita ang mga binagong distrito ng Lupon ng Pagpapantay-pantay ng Estado.

Upang maaprubahan, dapat makatanggap ang bawat mapa ng boto ng pagsang-ayon ng hindi bababa sa tatlong Komisyonado na Democrat, tatlong Komisyonado na Republican, at tatlong Komisyonado na wala sa alinman sa mga partidong iyon. Kapag naaprubahan na ng Komisyon ang mga pinal na mapa, isusumite ang mga mapa sa Kalihim ng Estado (Secretary of State) na may kasamang ulat na ipinapaliwanag ang batayan ng mga ginawang desisyon ng Komisyon.

15. Kailan Makukumpleto ng Komisyon ang mga Mapa?
Bagaman nagtatakda ang Konstitusyon ng California ng huling araw para sertipikahin ang mga mapa na nakatakda sa Agosto 15, 2021, iniutos ng Korte Suprema ng California noong Hulyo 17, 2020 na mayroong hanggang Disyembre 15, 2021 ang Komisyon para isumite ang mga mapa nito sa Kalihim ng Estado ng California dulot ng mga inaasahang pagkaantala sa paglabas ng mga resulta ng senso. Kung maaantala pa ang mga resulta ng senso pagkalipas ng Hulyo 31, 2021 (na ipinahiwatig ng Kawanihan ng Senso na posibleng mangyari), isasaayos ng Komisyon ang huling araw alinsunod rito.